## DAHIL SA PAGLALA NG DENGUE AT LEPTOSPIROSIS

# Fever surveillance lanes, itinatag sa QC

Mayroon na ngayong fever surveillance lanes sa mga barangay sa Quezon City.

Ito ayon kay Quezon City Mayor Joy Belmonte ay upang matamang mabantayan at masuri agad ang iba't ibang uri ng mga sakit na dumadapo sa mga komunidad lalo na ang kasong dengue, leptospirosis, viral illnesses at iba pang sakit na madalas umuusbong kapag tag-ulan.

Anya, inatasan niya si QC Healh Officer Dra. Esperanza Arias na round the clock na subaybayan ang mga health centers at bigyan ng kagyat na pangangailangang medikal ang mga nagkakasakit.

"Our health department is ready to address illnesses, including leptospirosis, that may peak during rainy season. Aside from our strengthened awareness campaign, our health centers have protocols in place to treat patients who have contacted leptospira," pahayag ni Belmonte.

Idinagdag pa nito na kailangan ding palagiang makipag-ugnayan ang mga health centers sa mga barangay officials upang makatulong na maiwasan ang pagkalat ng iba't ibang sakit.

Batay sa tala ng QC Health Department (QCHD), may 160 kaso ng leptospirosis at may 21 nasawi mula January 1 hanggang August 17 ngayong taon.

Gayunman, sinabi ni Arias na ang naturang kaso ng leptospirosis ay may 62 percent drop mula sa 432 cases na may 60 nasawi sa kaparehong period ng 2018. *(Angie dela Cruz)*